



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Saan ko mahahanap ang by-law ng plastic straw?

Ang mga patakarang namamahala sa mga plastic straw ay nasa isang pag-amyenda sa By-law ng Lisensiya Num. 4450. Ang pag-amyenda sa by-law na ito ay makukuha sa vancouver.ca/straws

- **By-law Num. 12618 (binabago sa By-law ng Lisensiya 4450 na tungkol sa mga plastic straw)**

Ang pinagsamang By-law ng Lisensiya Num. 4450 ay makikita sa vancouver.ca/your-government/licence-bylaw

Bakit ipagbabawal ang plastic straws?

Ang by-law ng plastic straw sa ay bahagi ng pangkat ng mga pagkilos na ginagawa ng Lungsod para mabawasan ang basurang single-use item habang nagtatrabaho tayo patungo sa pagiging zero-waste na komunidad sa pagsapit ng 2040.

Noong 2018, mga 31 milyong plastic straw ang itinaon sa basura sa Vancouver. Higit pa diyan, ang hindi alam na bilang ng plastic straws ay kinalat sa likas na kapaligiran. Ang mga plastic straw ay kasama sa pangunahing sampung pinakakaraniwang klase ng kalat na nahanap sa mga baybayin ng Canada noong 2019 ayon sa Great Canadian Shoreline Cleanup, at may mga negatibong epekto sa buhay marino at kapaligiran kapag nakalatan.

Bago ang by-law ng plastic, at bilang resulta ng pandaigdigang kilusan na ipagbawal ang mga plastic straw, maraming mga negosyo sa Vancouver ang nagtanggag ng plastic straws para ipakita ang mga pinahahalagahan sa kapaligiran.

Anong klase ng plastic straws ang pinagbabawal?

Maliban sa mga flexible plastic straw na indibiduwal na nakabalot sa papel, na dapat ibigay kapag hiniling para sa accessibility, pinagbabawal ng by-law ang mga plastic straw na:

- Gawa mula sa mga fossil fuel na produkto,
- Naka-label o isinalarawan bilang mako-compost o made-degrade, o
- Naka-label o inilarawan bilang plastic na gawa mula sa mga tanim o ibang biyolohikal na materyales (halimbawa: mais, patatas, tubo)

Habang nagsasagawa tayo ng mga hakbang para mabawasan ang basura mula sa mga single-use item sa panahon ng COVID-19, nagtatrabaho tayo para masiguro na ang lahat ng by-law natin ay naaayon sa pinakabagong pampublikong patnubay sa kalusugan at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente, mga negosyo at kanilang mga kawani.

Para sa mga pinakabagong pangkalusugang inaatas para sa COVID-19 at mga dulugan, mangyaring pumunta sa:

- Webpage ng Provincial Health Officer para sa mga kautusan, abiso at patnubay.
- British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC), kasama ang web page ng food business.
- Web page ng Vancouver Coastal Health para sa kalusugan ng kapaligiran at mga inspeksiyon.
- Work Safe BC.



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Bakit kasama ng pagbabawal sa mga plastic straw ang plastic na may label o nakalarawan bilang mako-compost, made-degrade (biodegradable, oxodegradable, photodegradable, atbp.), bioplastic, at plastic na gawa mula sa mga tanim o ibang biyolohikal na materyales, o hinalo sa mga fiber ng tanim o ibang materyales?

Bilang karagdagang sa plastic straws na gawa mula sa mga produktong fossil fuel, ang by-law ng plastic straw ay pinagbabawal din ang mga nasa itaas na klase ng plastic dahil sila ay:

- Ay hindi tinatanggap sa Green Bin na programa ng Lungsod
- Kinokontamina ang umiiral na mga daluyan ng pag-compost at pagreresiklo
- Ay hindi aprubado para i-compost sa ilalim ng probinsiyal na regulasyon
- Ay hindi dinesenyo na mag-biodegrade kapag kinalatan sa likas na kapaligiran

Plastik na may label o isinalarawan bilang mak-compost o made-degrade ay hindi rin tinatanggap sa programang pagkolekta ng pagresiklo sa tirahan ng Recycle BC.

Bilang mga contaminant, ang mga klase ng plastik na ito ay pinakamalamang na aalisin mula sa mga lokal na daluyan ng pag-compost at itatapon sa landfill o incinerator.

Nagaapruba ba o nagpapatotoo ba ang Lungsod ng Vancouver ng mga straw na tumutugon sa mga inaatas ng by-law?

Hindi. Nasasa may hawak ng lisensiya ng negosyo at mga manufacturer na siguruhin na ang mga straw na pinamamahagi nila ay nakatutugon sa mga inaatas ng by-law para sa mga straw.

Paano pinoprotektahan ng by-law ng plastic straw ng Vancouver ang kakayahang maging accessible?

Ang by-law ng plastic straw ay may kasamang requirement sa accessibility para sa mga negosyo, kawanggawa, at not-for-profits na magbigay ng flexible plastic straws, indibiduwal na nakabalot sa papel, sa mga taong kailangan sila para ligtas na kumonsumo ng mga inumin at nutrisyon. Ang mga flexible plastic straw ay dapat maimbak sa likod ng counter para maitabi ito para sa mga taong may kailangan nito.

Ang sinumang humingi ng flexible plastic straw ay dapat makatanggap nito. Ang mga tao ay hindi inaatasan, at hindi dapat hingan ng anumang medikal na impormasyon para patunayan ang pangangailangan nila.

Sa pinakamabuti nating kaalaman, itinatakda ng by-law ng Vancouve ang pinakamataas na pamantayan para sa accessibility sa mga pagbabawal sa plastic straw habang nagtatrabaho din para mabawasan ang karamihan ng plastic straw na basura.



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Bakit may kasama ang by-law ng plastic straw ng Vancouver na accessibility requirement?

Kapag walang inaatas sa accessibility sa by-law ng plastic, ang mga nagtitinda ng pagkain ay maaaring pumiling hindi magbigay ng mga flexible plastic straw, na indibiduwal na nakabalot sa papel, na inaasahan ng maraming taong may kapansanan upang ligtas na ikonsumo ang mga inumin at nutrisyon.

Ang Lungsod ng Vancouver ay gumagawa ng Accessibility Strategy para masalamin ang paninindigan ng Lungsod na bumuo ng inklusibong komunidad at magbigay ng maa-access na kapaligiran kung saan lahat ng indibiduwal ay may access sa mga serbisyo ng Lungsod, mga programa at imprastraktura sa paraan na rumerespeto sa dignidad at pagiging independent ng mga taong may kapansanan. Ang paggawa ng Accessibility Strategy ay nag-aambag sa “equity lens” ng Lungsod para suportahan ang kalusugan at kabutihan ng kalagayan ng lahat. Gamit ang “equity for all” lens ay nakakatulong na siguruhing ang patakaran ng Lungsod at mga serbisyo ay pangkalahatan para sa lahat ng mga residente at maa-access para sa mga partikular na populasyon na pinakamahina sa mga may kakulangan, kasama ang mga taong may kapansanan, mga senior at mga taong nabuhay na may karanasan ng mga inaalala sa kalusugan ng pag-iisip at/o substance abuse.

Bakit ang flexible plastic straws, na buong gawa mula sa mga fossil fuel na produkto at indibiduwal na nakabalot sa papel, ang pinaka-accessible na klase ng straw?

Ang mga taong nakakaranas ng mga pisikal na restriksiyon na kaugnay ng edad, arthritis, auto-immune disease, autism, cerebral palsy, dental at oral na kundisyon, multiple sclerosis, muscular dystrophy, neurological disease, spinal cord injuries, stroke recovery at rehabilitation, surgery recovery, at ibang sakit at pinsala, ay maaaring umasa sa flexible plastic straws para ligtas na makakonsumo ng mga inumin at nutrisyon.

Ang mga flexible plastic straw ay maaaring matiklop sa tamang anggulo para maabot ang bibig, at manatili sa posisyon. Mahalaga ito para sa mga taong hindi makagamit ng kanilang mga kamay (o nahihirapang gamitin ang mga ito), o naka-recline o nakahiga. Ang mga plastic straw ay maaaring magtagal hangga’t kailangan ng mga taong kumonsumo ng mga inumin at likidong pagkain, na minsan ay maaaring abutin ng ilang oras. Kapag ang indibiduwal na nakabalot sa papel, na mga flexible plastic straw ay hygienic at pinoprotektahan ang mga taong may nakompromisong immune system.

Ang papel, pasta, metal, salamin, acrylic, silicone, at mako-compost na plastic straws ay hindi accessible na kapalit, dahil maaari itong makapinsala at makamatay din. Ang mga papel at pasta straw ay maaaring madurog sa kagat sa maliliit na piraso at makabilaok. Ang mga taong may motor impairment ay maaaring bumagsak o mahampas ang sarili nila sa metal, salamin at acrylic straws, magdudulot ng pinasala. Ang pasta at ilang plastic na mula sa mga biyolohikal na materyales tulad ng mga tanim ay maaaring magdulot ng mga allergic na reaksiyon. Ang mako-compost at made-degrade na plastics ay maaaring matunaw sa maiinit na likido. Ang mga silicone straw at straight plastic straw ay maaaring mapuwersang tumiklop pero hindi naiwan sa posisyong iyon; kapag ginawa ito, nalilimita ang dalyo ng inumin at hindi lahat ay may tulong sa pag-aalaga para mahawakan ang tasa sa tamang anggulo.



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Pinapakita sa talahanayan 1 kung gaamo ang mga flexible plastic straw, indibiduwal na nakabalot sa papel ay nakatutugon sa pinakamalawak na saklaw ng mga pangangailangan sa accessibility kumpara sa mga ibang klase ng straw.

Talahanayan 1. Paghahambing ng Accessibility ng Magkakaibang Klase ng Straw

	Pamantayan sa Accessibility								Natutugunan ang Lahat ng Pamantayan
	Walang Peligrong Makabilaok	Walang Peligrong Maka-pinsala	Walang Peligro sa Allergen ng Pagkain	Hindi Kailangang Linisin	Mura ang Gastos ng Mamimili	Ligtas sa Matataas na Temperatura	Napoposisyon	Pinoprotektahan ang Nakompromisong Immune System	
Flexible Plastic,* Indibiduwal na Nakabalot	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Flexible Plastic,* Hindi Nakabalot	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓		X
Plastic, Straight	✓	✓	✓	✓	✓	✓		Kung nakabalot	X
Plastic na Nakalarawan bilang Mako-compost, Made-degrade o Gawa sa Plastic Mula sa Tanim	✓	✓		✓	✓		Kung flexible	Kung nakabalot	X
Metal	✓		✓						X
Salamin	✓		✓						X
Silicone	✓	✓	✓			✓			X
Acrylic	✓		✓						X
Papel		✓	✓	✓	✓				X
Pasta				✓	✓				X

Chart na ginawa ng Lungsod ng Vancouver batay sa

*Plastic na gawang buo mula sa mga fossil fuel na produkto

stakeholder na konsultasyon sa mga taong may kapansanan, City of Vancouver Persons with Disabilities Advisory Committee, at https://twitter.com/_sbsmith/status/998632056241307649

Lahat ba ng mga nagtitinda ng pagkain ay inaatasang magbigay ng mga flexible plastic straw, indibiduwal na nakabalot sa papel, para sa accessibility?

Oo, mula sa Abril 22, 2020, lahat ng mga negosyong nagtitinda ng pagkain (hal. mga restawran, kapihan, take-out counter, tindahan ng inumin, mga concession, atbp.), mga kawanggawa at not-for-profits ay inaatas sa ilalim ng by-law para mag-stock ng mga flexible plastic straw, indibiduwal na nakabalot sa papel, at ilaan sila sa mga patron kapag hiniling.



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Kung may listahan ng mga supplier na nagtitinda ng mga flexible plastic straw, indibiduwal na nakabalot sa papel?

Oo. Ang listahan ng mga supplier na nagtitinda ng nakabalot sa papel na mga flexible plastic straw ay nasa **vancouver.ca/straws**

Paano malalaman ng mga nagtitinda ng pagkain kung may taong nangangailangan ng flexible plastic straw para sa accessibility?

Ang sinumang humingi ng flexible plastic straw ay dapat makatanggap nito. Ang mga tao ay hindi inaatasan at hindi dapat ipalaan sa anumang medikal na impormasyon para patunayan ang pangangailangan nila.

Hinihikayat ang mga nagtitinda ng pagkain na gamitin ang flexible plastic straw menu icon para ipaalam sa mga kostumer na ang mga flexible plastic straw, indibiduwal na nakabalot sa papel, ay makukuha kapag hiniling, para sa accessibility.

Bakit ginagamit ng flexible plastic straw menu icon ang wheelchair symbol?

Ang menu icon ay ginawa sa pagkonsulta sa Persons with Disabilities Advisory Committee ng Lungsod ng Vancouver. Ang wheelchair symbol ay ang International Symbol of Access. Ang flexible plastic straw menu icon ay gumagamit ng simbolong ito para sa mga sumusunod na dahilan:

- Ang simbolo ay malawak na naiintindihan ng pangkalahatang publiko
- Kailangang bigyang-diin ng simbolo na ang mga flexible plastic straw ay dapat ibigay sa mga tao para sa mga pangangailangan sa accessibility
- Para sa mga kostumer na walang kapansanan, binibigyang-diin ng simbolo na ang mga flexible plastic straw ay hindi para madalian sila, pero makukuha para sa mga taong kailangan ito para ligtas na uminom ng mga inumin at nutrisyon

Mahalagang tala: Ang menu icon ay hindi nilalayon para ipahiwatig na ang flexible plastic straws ay para lang sa mga taong nasa wheelchair. Kinikilala ng Lungsod na ang mga taong may makikita at hindi makikitang kapansanan o medikal na kundisyon ay maaaring kailangan ng flexible plastic straws para ligtas na uminom ng mga inumin at nutrisyon.

Ang mga nagtitinda ba ng bubble tea ay kailangang magbigay ng mga flexible plastic straw, indibiduwal na nakabalot sa papel, kapag hiniling para sa accessibility?

Oo. Inaatas ng by-law na lahat ng mga nagtitinda ng pagkain para magbigay ng mga flexible plastic straw, indibiduwal na nakabalot sa papel, sa mga kostumer kapag hiniling.



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Sino at ano ang hindi kasama sa by-law ng plastic straw?

Mga ospital at mga community care facility: Ang by-law ng plastic straw ay hindi para sa mga serbisyong pagkain sa mga pasyente sa mga ospital o mga residente ng mga community care facility.

Mahalaga: Ang by-law ng plastic straw ay hindi mailalapat sa mga nagbebenta ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na nasa mga ospital o community care facility (halimbawa" mga kapeterya, kapihan) na naghahain ng nakahandang pagkain sa mga kostumer.

Mga kahon ng inumin at mga pouch: Ang by-law ay hindi para sa plastic straws na nakakabit sa mga kahon ng inumin at pouch ng inumin.

Pagtitinda ng mga pakete ng plastic straws: Pinapayagan pa rin ang mga retailer na magtinda ng mga pakete ng 20 plastic straw na binibenta para sa personal na paggamit.

Isang-Taong Bubble Tea Straw Exemption: Ang mga nagtitinda ng pagkain na naghahain ng bubble tea ay nilalaanan ng isang-taong exemption (Abril 2020 – Abril 2021) mula sa pagbabawal sa plastic straws na hinain na may bubble tea. Ang layunin ng exemption ay pahintulutan ng oras para ang mga negosyo ng bubble tea na maghanda para sa pagbabawal sa plastic straw at para maghandog ang merkado ng alternatibong bubble tea straws na hindi gawa mula sa plastic (kasama ang plastic na gawa mula sa mga produktong fossil fuel, plastic na naka-label o nakalarawan bilang mako-compost, made-degrade, at plastic na gawa mula sa mga tanim o ibang biyolohikal na materyales). Mula Abril 22, 2021, ang mga nagtitinda ng pagkain na naghahain ng bubble tea ay dapat sumunod sa pagbabawal sa mga plastic straw.

Bakit hindi kasama ang mga ospital at community care facility mula sa by-laws ng plastic straw?

Ang hindi kasama sa by-law para sa mga ospital at mga community care facility ay nagbibigay sa mga pangkalusugang organisasyon ng kakayahang umayon para matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan para matugunan ang kontrol sa impeksiyon, kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, at mga pamantayan sa pangangalaga sa pasyente. Halimbawa, ang ilang single-use item ay kailangan para maghain ng mga hinandang pagkain sa mga pasyente ng ospital para mabawasan ang peligro sa pagkalat ng mga impeksiyon, at ang single-use na plastic na kubyertos ay ang mas nais na opsiyon sa mga sikayatrikong yunit para matugunan ang mga pangkaligtasang alalahanin.

Alam ng Lungsod na iniimbestigahan ng mga pangkalusugang organisasyon ang mga oportunidad para mabawasan ang distribusyon ng mga single-use item sa pangangalaga sa kalusugan sa patuloy na batayan.



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Bakit ang mga binebentang straw para sa indibiduwal/pambahay na paggamit ay pinapayagan pa rin?

Ang Single-Use Item Reduction Strategy ay tuma-target sa mga bagay na karaniwang may kalat at hindi nasasaklawan ang mga produkto na binenta para sa personal na paggamit. Ang mga taong kailangan ng flexible plastic straw para ligtas na uminom ng inumin at nutrisyong kailangan para makabili ng mga plastic straw para magamit sa bahay. Pinapayagan pa rin ang mga retailer na magtinda ng mga pakete ng 20 plastic straw na binibenta para sa personal na paggamit.

Ang mga kawanggawa ba at ang mga not-for-profit ay kailangang sumunod sa by-law na ito?

Oo. Lahat ng mga organisasyon na inaatasang may hawak na lisensiya sa pagnenegosyo sa ilalim ng By-law sa Lisensiya Num. 4450 ng Lungsod ng Vancouver ay dapat ngayong sumunod sa by-law na ito, kabilang ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon na nagbibigay ng mga kawanggawang serbisyo ng pagkain. Ang ibig sabihin ng “mga kawanggawang serbisyo ng pagkain” ay pagbibigay ng libre o murang pagkain ng organisasyon na naka-incorporate at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng pederal na Batas sa Income Tax.

Tala: Sa panahon ng COVID-19, ang mga kawanggawang serbisyo ng pagkain ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga single-use item kasama ng pagkain o meals, kabilang ang mga plastic straw, pero inaasahang magsimulang magtrabaho patungo sa pagsunod sa by-laws sa lalong madaling panahon para sa kanila.

Ang mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain ba ay inaatasang sumunod sa by-law ng plastic straw?

Kung ang negosyo ay nagbibigay lang ng mga serbisyo sa paghahatid at hindi nagbebenta ng nakahandang pagkain, ang by-law na ito ay hindi direktang mailalapat sa kanila. Subalit, ang mga nagbebenta ng pagkain na nasa Vancouver ay dapat sumunod sa by-law, kasama ang mga benta sa pamamagitan ng mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain. Lahat ng mga tagapaglaan ng serbisyong paghahatid ng pagkain ay dapat mag-update ng kanilang online, mobile at teleponong plataporma sa pag-order para masiguro na maaaring humiling ang mga kostumer ng mga flexible plastic straw na indibiduwal na nakabalot ng papel, kung kailangan para maka-access, mula sa mga nagtitinda ng pagkain na nasa Vancouver. Narito ang sample na pananalita na magagamit ng mga serbisyong naghahatid ng pagkain sa mga platform nila ng pag-order para sa mga nagtitinda ng pagkain na nasa Vancouver:

Flexible plastic straws (para sa accessibility)

Ang mga flexible plastic straw ay magagamit ng mga kostumer na hindi makainom nang walang straw, o nahihirapang uminom, para ligtas nilang mainom ang mga inumin at nutrisyon.

Nirerekomenda din namin ang menu icon na ito para sa mga platform ng paghahatid ng pagkain para maipakita na ang mga flexible plastic straw ay maaaring magamit para sa accessibility: I-download ang icon sa vancouver.ca/straws





BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

ABRIL 22, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Ano ang dapat kong gawin sa anumang natirang stock ng plastic straw ngayong ang by-law ng plastic straw ay pinatutupad na?

Kung may tira kang stock ng mga plastic straw mula noong ipinatupad ang by-law, nirerekomenda naming magtinda o i-donate ito sa mga negosyo sa mga ibang hurisdiksiyon na sa kasalukuyan ay walang pagbabawal sa plastic straws.

Mayroon bang panahon ng palugit kung saan ang mga negisyo ay makakagamit ng natitira nilang stock ng plastic straws?

Wala, walang oras ng palugit para gamitin ang mga pinagbabawal na plastic straws matapos magkabisa ang by-law sa Abril 22, 2020.

Maaari ba akong mag-alok ng mga muling magagamit na straw sa aking mga kostumer? Paano ko dpaat itong i-sanitize?

Hinihikayat namin ang mga nagtitinda ng pagkain na maghandog ng mga muling magagamit na alternatibo, kasama ang mga muling magagamit na straw, kapag posible. Mangyaring makipagtulungan sa Vancouver Coastal Health para masiguro na ang mga sistema mo ay nakatalaga par maayos na mahugasan at ma-sanitize ito. Mahalaga: Ang mga muling magagamit na straw ay hindi kapalit ng mga flexible straw na kailangan para sa accessibility.

Saan ako makakahanap ng impormasyon tungkol sa minumungkahing alternatibo sa mga plastic straw?

May listahan ng minumungkahing alternatibo ay makukuha sa aming website sa **vancouver.ca/straws** at sa aming publikasyon, Patnubay sa By-law ng Single-Use Item.

Paano ipinatutupad ng Lungsod ang by-law?

Dahil sa mga nakakapagpahina ng mga pangyayari ng COVID-19, inuuna ng mga kawani ng Lungsod ang outreach at edukasyon para masiguro na ang mga negosyo ay may suportang kailangan nila upang sumunod sa mga by-law ng single-use item. Kung makitang hindi sumusunod ang negosyo sa mga by-law ng single-use item na ipinatutupad, ang mga unang pagkilos ng Lungsod ay tututok sa edukasyon, outreach at suporta para matulungan silang sumunod.

Kasunod ng unang pang-edukasyong pagkilos na ito para makamit ang pagsunod, pagdagdag ng mga lebel ng pagpapatupad ay maaaring ilapat para matugunan ang hindi sumusunod na nagpapatakbo. Maaaring kasama sa pagpapatupad ang pagbibigay ng mga ticket, na may multang \$500 sa bawat paglabag, o higit na prosekusyon sa probinsiyal na korte na maaaring sumailalim sa maximum na multang \$10,000 sa bawat paglabag. Ang patuloy na hindi pagtupad ay maaari lang magresults sa mga pagsuspinde sa lisensiya ng negosyo, o mga rekomendasyon para sa pagbawi ng lisensiya ng negosyo.

Para sa mga pinakabagong update sa pagpaaptupad, pumunta sa **vancouver.ca/reduce-single-use**